


Arts

Unang Markahan – Modyul 6: Kuwentong kay Ganda!



**Arts – Ikalawang Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 6: Kuwentong Kay Ganda
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: **Leonor Magtolis Briones**
Pangalawang Kalihim: **Diosdado M. San Antonio**

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Melanie S. Berrame
Editor:	Jose C. Tala, Nelson Oliva
Tagasuri:	Saturnino D. Dumlao
Tagaguhit:	Oliver V. Arevalo
Tagalapat:	Cristal Delos Reyes-Furigay
Tagapamahala:	Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas, Nestor P. Nuesca, Engelbert Agunday, Felegina Bugay, Jose C. Tala

Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng _____

Kagawaran ng Edukasyon-Region III

Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

Arts

Unang Markahan – Modyul 6:
Kwentong kay Ganda!

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang modyul na ito ay inihanda para sa iyo upang malinang ang iyong kaalaman, kasanayan at likas na pagkamalikhain na inyong mga natutunan sa nakaraang aralin. Maliwanag at payak ang pagkakasulat ng mga paraan sa bawat gawain upang madali mong masundan ang mga ito at malaya mong maipahayag ang iyong imahinasyon at damdamin at paglikha ng sarili mong kwento.






Sa modyul na ito, inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod na kasanayan:

- Natutukoy ang iba't ibang hugis sa nasabing kwento
- Nagagamit ang iba't ibang kulay sa pagguhit ng hugis
- Napapahalagahan ang taglay na katangian ng mga kwento sa bawat indibidwal



Subukin


Suriin ang mga larawan sa baba at tukuyin ang mga hugis ng mga ito. Isulat sa hiwalay na sagutang papel.



Aralin

1

Kuwentong kay Ganda!



Balikan

Sa nakaraang aralin, natutunan mo ang iba't ibang hugis, linya at tekstura na magagamit sa pagguhit ng mukha.


Ang susunod na aralin ay tungkol sa mga kwento na may kaugnayan sa nakaraang aralin. Halina ating alamin at tuklasin ang mga kwentong nakapaloob sa ating aralin




Tuklasin

Basahin at unawain ang kwento. Sagutan ang susunod na aktibidad.

May magkaibigan na palaging naglalaro at nagpapagalingan. Si Anna na palaging pinagmamalaki ang taglay niyang kagalingan sa pagguhit ng iba't ibang hugis at si Bea naman na may talento sa iba't ibang pang-akit na kulay. Isang umaga tinawag ni Anna si Bea upang maglaro at magpakitang gilás. Nagsimulang gumuhit si Anna ng parisukat, tatsulok, parihaba at bilog. Namangha si Bea at hindi nagpatalo kaya naman sinimulan niyang kulayan ang mga hugis na iginuhit ni Bea. Kulay dilaw para sa parisukat, pula sa tatsulok, berde sa parihaba, at asul sa naman sa bilog.



A. Base sa kwentong iyong nabasa, iguhit sa loob ng kahon ang mga hugis na nabanggit at kulayan ito katulad nang pagkulay ni Bea sa mga hugis na iginuhit ni Anna. Iguhit sa hiwalay na papel.



Suriin


Ayusin ang mga sumusunod na ginulong mga letra (**jumbled letters**) upang makumpleto ang mga sumusunod na pangungusap. Isulat sa hiwalay na sagutang papel.

1. Si Anna ay napakagaling _____ (hitmugu) ng mga hugis.
2. Ang hugis na _____ (katripasu) ay aking naiguhit.

3. Kinulayan ni Bea ang mga ginuhit ni Anna na mga _____(gisuh)

4. Napakahusay magkulay ni Bea ng mga hugis na _____(loktatsu)_____ (rihabapa)_____ (iblog) at _____ (risupakat).

5. Sina Bea at Anna ay taglay ang kagalingan sa _____ (gupaghit).



Pagyamanin

Pinatnubayang Pagsasanay

Gabayan ang mag-aaral sa pagbasa ng kuwento.

May kuwento ako. Basahin at alamin ang mga kulay na binanggit sa kuwento? Kilalanin sila.

Sa simula pa lamang, mayroon nang pitong kulay dito sa mundo. Sila ay sina Pula, Kahel, Dilaw, Luntian, Bughaw, Indigo at Lila. Inatasan sila ni

Bathala na magbigay ng kulay sa mundo ngunit sa hindi




inaasahang pagkakataon, hindi sila nagkakasundo-sundo. Sinabi ni Bathala na magtulungan sila at magbigayan sa lahat ng oras. Patuloy silang hindi nagkakasundo sa iba't ibang bagay. Palagi silang may kompetensi sa isa't isa lalo na sa oras ng kanilang trabaho. Sabi ni Luntian, "Ako ang pinakamaraming nagawa dito kaya ako lang na nararapat na mabigyan ng gantimpala." Ngunit sumagot si Bughaw, "Anong sinasabi mo diyan na ikaw ang maraming nagawa? Hindi hamak na mas marami akong nagawa at inambag sa iyo." Ngunit hindi pa natapos ang alitan bagkus lalo pang lumala dahil nakisali sa usapan ang iba pang mga kulay. Nagpapagalingan at nagpapasikatan at lalong tumindi ang kompetensi.





Narinig ni Bathala ang pagtatalo ng mga kulay. Dahil dito nagalit si Bathala at pinarusahan sila nito. Sinabi niya, "Dahil hindi kayo nagkakasundo paparusahan ko kayo ng ayon sa inyong kagustuhan. Dahil palagi kayong magkakakompetensya, gusto kong malaman ninyo ang kahalagahan ng kooperasyon sa isa't isa. Ang kahalagahan ng bawat isa sa inyo." Kung kaya pinagsama ni Bathala ang pitong kulay at sila'y naging isa. Ang pitong kulay ay tinatawag na Bahaghari at makikita natin ang pitong kulay na naging isa na hanggang sa ngayon.

A. Anu-anong kulay ang binanggit sa kwento. Isulat sa payong ang mga kulay.

Ibat-Ibang Kulay



B. Kulayan ang mga prutas na nabanggit ayon sa angkop nilang kulay.




Basahin Natin:

Ang Masayang Mag-anak

Ang masayang mag-anak ay sama-samang nagmamahalan at nagtutulungan. Ang masayang mag-anak. Ang masayang mag-anak ay nagpapakita ng mga mabubuting gawain. Magandang pagmasdan ang mag-anak na nagkakaisa at masayang nagkuwentuhan.

Gawin Natin:

1. Gumuhit at kulayan ng mga larawang nagpapakita ng pagtulong sa tahanan.



2. Sumulat ng isang kuwento tungkol sa mga mabubuting gawain ng isang masayang mag-anak.



Isaisip

Ang parisukat ay may apat na sulok at apat na gilid.

Halimbawa: panyo, mesa

Ang bilog ay linyang paikot sa sentro at nagtatagpo sa tuldok na pinagmulan.

Halimbawa: pinggan at gulong

Ang tatsulok ay may tatlong gilid at may tatlong sulok. Sa tatlong sulok na ito nagtatagpo ang mga linya.

Halimbawa: hanger, pamaypay

Ang parihaba ay pinahabang parisukat at magkatulad ang haba ng magkatapat na dalawang pares na linya.

Halimbawa: aklat at kama

Ang lahat ng mga bagay ay may kani-kaniyang kulay. Kung walang kulay ay magiging pangit at nakakasawa ang ating paligid.

Ang mga kulay ay maaari ring magsaad ng iba't ibang damdamin tulad ng mga sumusunod.

- | | |
|------------|--|
| 1. Pula | kasayahan, himagsikan, katapangan |
| 2. Asul | kapayapaan, kalungkutan, katapatan, pag-iingat |
| 3. Luntian | sariwa, tapat, payapa, matatag at matuwid |
| 4. Dilaw | matalino, matatakutin, manlilinlang, seloso |
| 5. Itim | kalungkutan, kasamaan, lumbay |
| 6. Rosas | pag-ibig |
| 7. Puti | malinis, mapagkakatiwalaan, tiwasa |
| 8. Lila | maharlika, mayaman, marangal |



Isagawa

Larawang Isinasaad ng Kuwento

Ang kaisipan at damdamin ay karaniwang ipinahahayag sa pamamagitan ng pagsasalita. Subuking magpahayag ng iyong kalooban sa pamamagitan ng kuwento.

1. Gabayan ang mag-aaral sa pagbasa ng kuwento.

Isang Maunos na Gabi

Malakas ang ihip ng hangin. Parang masisira ang maliit na kubo nina Amielle. Tumutulo ang tubig mula sa bubungan. Maya-maya'y kumislap ang kidlat kasunod ang nagngangalit na kulog. Madilim na madilim ang kalangitan. Nang humina na ang kulog ay narinig naman ni Amielle ang alulong ng aso.




Siya'y takot na takot hanggang magtalakbong siya ng kumot. Nang lumaon naalala niya ang sinabi ng kanyang lolo, "Ang tunay na lalaki ay walang kinakatakutan." Nataranta si Amielle nang makita nya ang kanilang bubong ay malapit nang bumagsak. Tinulungan nya ang kanyang mga magulang na mailipat ang kanilang gamit sa lugar na hindi nababasa.

Huwag po kayo mag-aalala Tatay, Nanay titigil din po ang ulan. Matulog na po kayo. Napangiti ang tatay ni Amielle. Matapang ang kanyang anak.

2. Anong bahagi ng kuwento ang iyong nagustuhan?

3. Ipahayag ang iyong damdamin sa pamamagitan ng pagguhit ng isang larawan tungkol sa kuwento at kulayan ito.

A large, empty rectangular box with a thin black border, intended for a student to draw and color a picture related to a story.



Tayahin

Gawin ang mga sumusunod na panuto.

1. Sa pamamagitan ng lapis “marking pen” o isang kulay ng krayon ay lumikha ng mga hugis. Maaari kang gumamit ng iba’t ibang uri ng hugis.
2. Lagyan ng angkop na pamagat ang iyong ginawa.
3. Ikuwento ang pangyayari na iyong ipinahayag sa pamamagitan ng hugis.



Karagdagang Gawain

Kulayan ang dahon batay sa bilang ng kulay.






1- pula

2- dilaw

3 - luntian

4 - bughaw

5 - lila





Susi sa Pagwawasto

				Total	
				kabuayang presentasyon	
				5. Malinis at maayos ang	
				4. Pagsunod sa panuto	
				3. Paglalamalikhain	
				2. Kalinisan	
				1. Paglalarawan ng konsepto	
Pamantayan		Suriin	Pagpamamakin	Isaisip	Gawain
Pagmamarka ng Guro					

Gawain
 Iskala ng Pagmamarka para sa Suriin, Pagpamamakin (Gawin Natin), Isaisip, at Gawain.
 4 (napapakahulugan) 3 (mahusay) 2 (katamtaman) 1 (di-gaanong mahusay)

<p>Karagdang Gawain</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. lila 2. bughaw 3. luntian 4. dilaw 5. pula
--

<p>Suriin</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. gumuhit 2. parisukat 3. hugis 4. tatsulok, parihaba, bilog at parisukat 5. pagguhit

<p>Subukin</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. bilog 2. tatsulok 3. parisukat 4. parihaba 5. bilohaba

Sanggunian

LRMDS “Learning Resource Portal” *DepEd Learning Portal*. Last modified May 2016.

<http://lrmds.deped.gov.ph>

Ramilo, Rolando V., Pabilonia, Fe P., Igot, Kristel Iris E. and Catacutan, Marco A. *Music, Arts, Physical Education and Health*. 1st ed. Philippines: Rex Book Store, INC, 2013, 186-190.

Valdecantos, Emelita C. *Umawit at Gumihit*. 1st ed. Manila: Saint Mary's Publishing Corporation, 2009, 121-122.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph